# Mga Pagpapabuti at Pagbabago

## Malapit na

Isang bagong mobile app, instant load ng pasahe, karagdagang lokasyon ng retail, at marami pa ang darating sa'yo!

### Mga bagong benepisyo

Pinapabuti namin ang karanasan sa ORCA sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga tampok at benepisyo na iyong hiniling. Kapag inilunsad ito sa Spring ng 2022, ang bagong sistema ng ORCA ay magbibigay sa iyo ng mga bagong paraan upang pamahalaan ang iyong kard at magdagdag ng mga pondo.




- Mag-load ng pasahe agad-agad
- Bagong website
- Bagong mobile app
- Higit pang retail na lokasyon
- Bagong disenyo ng card
- Mababang presyo ng card

### Ano ang dapat asahan

Habang gumagawa kami ng mga pagpapabuti, maaari kang makaranas ng mga pansamantalang pagbabago. Ang brochure na ito ay nagbibigay ng higit pang impormasyon tungkol sa kung ano ang nangyayari at mga tip upang matagumpay na makapag-navigate sa mga pagbabago.

## Simula ng 2022

- Mga bagong vending machine at mga card reader

## Tagsibol 2022

- Bagong website
- Bagong mobil app

## Tag-araw ng 2022

- Marami pang retail na lokasyon
- Bagong disenyo ng ORCA kard



# Anong kailangan mong malaman

**Kung mayroon kang ORCA kard**
Patuloy na gamitin ito. Simula sa Tag-init 2022, kung gusto mong i-reload ang iyong kard sa isang retail na tindahan, kakailanganin mo ng bago at muling idinisenyong kard.

**Kung kailangan mo ng ORCA kard**
Bumili ng mga kard online, sa pamamagitan ng telepono, sa mga vending machine, retail na tindahan o mga lokasyon ng serbisyo-kustomer.

Simula sa Spring ng 2022, papalitan ng myORCA.com at ng myORCA app ang orcacard.com at orcacard.biz.




**Pagbabayad para sa iyong paglalakbay**
Simula sa Spring ng 2022, ang bawat kustomer ay mangangailangan ng kanilang sariling kard upang bayaran ang kanilang pasahe. Patuloy na matatanggap ang pera sa mga vending machine, retail na tindahan, lokasyon ng serbisyo-kustomer at sa mga bus.

Sa oras na ito, ang mga sumasakay ay maaari lamang gumamit ng isang paraan ng pagbabayad sa bawat biyahe - ORCA kard o pera. Kapag naglilipat gamit ang iyong ORCA kard, gamitin ang halaga ng E-purse upang mapunan ang mga karagdagang pasahe.

**Pamamahala ng iyong account**
Simula sa Tagsibol ng 2022, para pamahalaan ang iyong kard online, maaari kang gumawa ng bagong account at i-link ang iyong kard sa myORCA.com o sa mobile app. Magagawa mong pamahalaan ang maraming kard, maglipat ng mga balanse at mag-set up ng mga autoload.

**Mga programa sa pinababang pasahe**
Ang mga programang pinababang pamasahe ay patuloy na magagamit sa mga kwalipikadong byahero na may mababang kita, mga nakatatanda (65+ taon), kabataan (6-18 taon), at mga taong may kapansanan.

# ORCA sa mga retail na tindahan



Magbebenta pa rin ang mga tindahan ng ORCA kard, ngunit simula sa Spring ng 2022, maglo-load lang sila ng halaga ng E-purse at hindi na magbebenta ng mga pass.

Maaari mong isalin ang halaga ng E-purse sa mga pass sa myORCA.com, gamit ang myORCA app, sa isang vending machine, o sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa serbisyo-kustomer.

Mula Mayo hanggang Hulyo ng 2022, ikaw ay makakaranas ng isang oras na pagkaantala sa pagloload ng halagang E-purse sa iyong kard sa retail na tindahan. Maaari kang magload agad ng halagang E-purse o mga pass sa myORCA.com, sa myORCA app, sa isang vending machine, o sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa Serbisyo-kostumer.



Sa Hulyo 2022, lalawak ang retail network ng ORCA ng dalawang beses sa bilang ng mga lokasyon at magsisimulang magbenta ng na-update na kard. Kakailanganin mo ang bagong kard upang magdagdag ng halaga sa mga tindahan pagkatapos noon.

**Paano makakuha ng bagong ORCA kard**

**Mga kard ng matanda:** Bumili ng bagong kard sa mga tindahan o sa myORCA.com, gamit ang myORCA app, o sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa serbisyo-kostumer.

**Mga RRFP kard ng kabataan at nakatatanda:** Mag-apply para sa bago o kapalit na kard online sa myORCA. com, sa pamamagitan ng myORCA app o makipag-ugnayan sa serbisyo-kostumer.

**ORCA LIFT at mga RRFP kard ng may kapansanan:** Mag-apply para sa isang kapalit na kard online sa myORCA.com, gamit ang myORCA app, o sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa serbisyo-kostumer. Upang mag-apply para sa isang bagong kard, tumawag o bisitahin ang serbisyo-kostumer.

Sa panahon ng proseso ng pagpapalit ng kard, maaaring ilipat ng mga rider ang mga pass sa pasahe at balanse ng E-purse mula sa mga lumang kard patungo sa mga bagong kard.

# Narito kami para sa'yo.

Bisitahin ang myORCA.com o sundan kami sa social media para mas matuto at mag-sign up para sa mga alerto at mga update.

**@TheORCACard on**



## Serbisyo-Kustomer

888-988-6722 - TTY: 711 - **myORCA.com**
Lunes-Biyernes: 8 a.m. to 5 p.m.; sarado tuwing katapusan ng linggo at mga pista-opisyal.
Serbisyo ng tagasalin ng Ingles: 800-823-9230

Visite myORCA.com para obtener más información.

访问 myORCA.com 了解更多信息。

자세히 알아보려면 myORCA.com을 방문하십시오.

Посетите myORCA.com, чтобы узнать больше.

Bisitahin ang myORCA.com upang matuto nang higit pa.

Truy cập myORCA.com để tìm hiểu thêm.

orca